

Si Bino, si Buboy, at Si Bantay, Magkakaibigang Tunay



Akda nina:
Josephine V. Sabile
Maria Cecille R. Arca

Guhit ni: Reynalyn Doringo



Global
Alliance
for
Rabies
Control



Para sa mga guro/magulang:

Ang kuwentong **Si Bino, Si Buboy, at Si Bantay, Magkakaibigang Tunay** ay naglalayong turuan ang mga bata tungkol sa tamang pag-aalaga at pakikitungo sa alagang hayop upang maiwasang makagat. Layunin din ng kuwentong ito na turuan ang mga bata na ipaalam agad sa magulang o nakatatanda kapag sila ay nakagat ng aso o pusa upang mabigyan ng paunang lunas para makaiwas sa sakit na rabies.

Ang rabies ay sakit na nakamamatay na sanhi ng isang virus. Ito ay mula sa hayop at maaaring mahawa ang tao sa pamamagitan ng laway kapag nakagat ng aso o pusa na may rabies. Maaari ding maisalin ang rabies virus kapag nalagyan ng laway ng hayop na may rabies ang sariwang sugat, gasgas, at maging ang ibang parte ng katawan ng tao tulad ng mata, ilong, at bibig.

Sa Pilipinas, karamihan sa mga nabibiktima ng rabies ay mga bata. Bagaman walang lunas ang rabies, maaari itong maagapan at maiwasan. Upang maiwasan ang rabies, dapat pabakunahan ang alagang aso at pusa laban sa rabies kapag ito ay tatlong buwan na, at kada taon pagkatapos nito.

Kung sakaling makagat ng aso o pusa, dapat gawin ang mga sumusunod:

1. Hugasan agad ang sugat ng sabon at dumadaloy na tubig sa loob ng 15 minuto.
2. Pahiran ng tintura de yudo o anumang gamot pangsugat.
3. Kumunsulta sa pinakamalapit na Animal Bite Treatment Center o ABTC.

Si Bino, Si Buboy, at Si Bantay, Magkakaibigang Tunay

Akda nina: Josephine V. Sabile at Maria Cecille R. Arca
Guhit ni: Reynalyn Doringo





Isang umaga, may magandang sorpresa ang mga magulang ni Bino sa kanya.

“Yehey, isang tuta. Bantay ang ipapangalan ko sa kanya. Salamat po, Tatay. Salamat po, Nanay,” ang sabi ni Bino



Mahal na mahal ni Bino si Bantay. Araw-araw niya itong pinapakain at nilalaro.



Sabado ng umaga,
nagpaalam si Bino sa
kanyang Nanay upang
ipasyal si Bantay sa palaruan.

“O sige anak, huwag mong
aalisan ng tali si Bantay at
baka makakagat,” ang bilin
ni Nanay.



Masayang nakipaglaro si
Bino kay Bantay,kasama ang
kanyang kaibigang si Buboy.



Pagkatapos nilang
maglaro, pinakain nina
Bino at Buboy ang tutang si
Bantay. Habang kumakain,
bigla itong binuhat ni Buboy.

“Aray ko! Kinagat ako ni
Bantay,” sigaw ni Buboy.



Nagmadali silang umuwi sa bahay nina Buboy.

Sinabi nila kay Nanay na nakagat si Buboy ng tutang si Bantay.

Hinugasan agad ni Nanay ang sugat gamit ang sabon at dumadaloy na malinis na tubig sa loob ng labinlimang minuto.

“Dapat na tayong pumunta sa Animal Bite Treatment Center upang magpatingin ka sa doktor,” ang wika ni Nanay.



Sa Animal Bite Treatment Center...

Tinurukan si Buboy ng bakuna laban sa rabies.


“Mga bata, tama na sinabi ninyo agad kay Nanay na nakagat ng tuta si Buboy,” ang sabi ng doktor.

“Nanay, tama rin pong hinugasan ninyo ang sugat gamit ang sabon at malinis na tubig. Tama din pong dinala ninyo agad si Buboy dito para maturukan laban sa rabies,” ang paliwanag ng doktor.



“Dapat ninyong tandaan na alagaang mabuti ang mga hayop. Huwag lumapit sa natutulog o kumakain na hayop upang hindi makagat,” paalala ng doktor.

“Kung kayo ay kinagat ng aso, obserbahan ang aso sa loob ng labing-apat na araw at kumunsulta sa beterinaryo,” dagdag na paliwanag ng doktor.



At simula noon, hindi na nila ginagambala pa si Bantay kapag ito ay kumakain o natutulog.

Si Bino at si Buboy ay naging mabuting tagapagalaga ni Bantay.

Itinuring ni Bino si Bantay na isa sa kanyang kaibigang tunay.

Tungkol sa mga may akda:

Si Josephine V. Sabile ay isang guro sa Labas Elementary School sa Santa Rosa City, Laguna. Binigyan siya ng parangal na Outstanding Teacher of the Department of Education Division of Santa Rosa City noong 2012. Nagtapos siya ng Bachelor of Elementary Education sa Adamson University at may units ng Master of Arts in Teaching – English Language Arts sa Philippine Normal University. Si Teacher Joy at ang asawa niyang si Joel ay may dalawang anak.

Si Maria Cecille R. Arca ay kindergarten teacher sa Labas Elementary School sa Santa Rosa City, Laguna mula pa noong 2008. Si Teacher Cecille ay nakapagtapos ng Bachelor of Elementary Education, Major in Early Childhood Education sa Southern Luzon State University, Lucban Quezon noong 2007.

10 Mahahalagang Kaalaman Tungkol sa Rabies

- 1 Pabakunahan ang inyong mga alagang aso at pusa laban sa rabies taun-taon.
- 2 Alagaan nang mabuti ang inyong aso at pusa. Bigyan sila ng sapat na pagkain at maayos na tirahan.
- 3 Huwag hayaang gumala ang inyong alagang aso at pusa sa kalsada ng walang bantay.
- 4 Huwag saktan ang inyong mga alagang aso at pusa. Huwag silang sipain, batuhin, o hilahin ang kanilang buntot.
- 5 Huwag lumapit sa mga aso at pusa na gumagala sa kalye. Huwag din gambalain ang inyong mga alagang aso at pusa kapag sila ay natutulog, kumakain, o nagpapakain ng kanilang mga anak.
- 6 Hugasan agad ang sugat mula sa kagat ng aso o pusa ng sabon at dumadaloy na tubig.
- 7 Ipaalam agad sa mga nakatatanda kapag nakagat ng hayop at magpadala sa Health Center o Animal Bite Treatment Center.
- 8 Tandaan na puwedeng makuha ang rabies sa kagat ng aso at pusa na may rabies.
- 9 Nakamamatay ang rabies.
- 10 Maiiwasan ang rabies kung papabakunahan ang inyong mga alagang aso at pusa.

Early Childhood Intervention

Ang mga bata ang kadalasang nakakagat ng mga aso at pusa. Dahil dito, inilunsad ng Global Alliance for Rabies Control (GARC) ang programang Early Childhood Intervention o ECI.

Ang ECI ay naglalayong turuan ang mga mag-aaral ng day care centers, kadalasan ay 3-5 taong gulang, tungkol sa tamang pakikitungo at pag-aalaga sa mga hayop upang maiwasan ang makagat ng mga ito. Kalakip din dito ay ang pagtuturo sa mga bata na ipaalam agad sa magulang o nakatatanda kapag sila ay nakagat o nakalmot ng aso o pusa. Kasabay nito, tinuturuan din ang mga magulang ng mag-aaral ng tungkol sa rabies, sa responsible pet ownership, at mga paunang lunas na dapat gawin kapag nakagat ng aso o pusa.

Ang kwentong “Si Bino, Si Buboy, at Si Bantay, Magkakaibigang Tunay” ay isinulat nina Josephine Sabile at Maria Cecille Arca, sa pakikipagtulungan ng Department of Education Division of Sta. Rosa City, bilang parte ng ECI.

Ang GARC ay isang non-profit organization na naglalayong itaas ang kaalaman ng mga mamamayan upang maiwasan ang pagkamatay dulot ng sakit na rabies. Ang librong ito ay nailathala sa pakikipagtulungan sa UBS Optimus Foundation.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring bisitahin ang websiteng GARC: www.rabiesalliance.org.